# ANG APAT KONG INA

## I. Daddy

### Bakit wala kang panggitna?

Sa birth certificate, dapat buo ang pangalan. May unang pangalan, panggitna, at apelyido. Naiiba ang sa akin sapagkat pangalan at apelyido lang ang meron ako.

"Bakit wala kang panggitna?" 'Yan ang madalas na tanong sa 'kin simula bata pa ako. Parang pandesal na walang palaman. Parang kanin na walang ulam. Parang laging may kulang, na 'kala mo halamang hirap maging ganap na puno gaya ng nasa paligid niya, dahil walang punla ng ngalang bigay ng dalawang magulang.

"A, wala kasi akong tatay," paulit-ulit kong tugon, kahit pa mayroon akong tinatawag na Daddy pag-uwi ko sa bahay. Tinuruan kasi ako ng mga tamang sagot sa mga mausisang tanong tulad nito. Parang pagtuturo ng matanda sa bata sa una niyang paglangoy sa dagat na malalim, sa dagat na nakalulunod. Pero ang itinuro sa akin, ang paglangoy sa ibabaw: "Di ka pinili ng tatay mo, 'yan ang isagot mo."

Ngunit may mga lalim na hindi kayang ahunin ng batang tulad ko—mga tanong na may kasamang sulyap, mga bulungan sa likod, mga pitik ng panghuhusga. Kaya napipilitan akong sumunod na lang. Sumisid, gaya ng turo nila.

"Hindi pinanagutan ng tatay ko ang mommy ko, kaya wala akong gitnang pangalan," pagdedetalye ko. Kabisado ko ang sagot, kahit hindi ko naiintindihan. Kahit hindi sa akin galing ang mga salita.

Sa tuwing mababanggit na naman nila sa'kin ang paliwanag na 'yon, tumatango na lang ako. Wala na akong isinasagot dahil ilang beses na rin kasi. Paulit-ulit. Parang dasal. Kabisado ko na bawat salita sa pagpapaala-ala sa akin. Taas-baba ang ulo, kahit alam ko sa sarili kong malayo 'yon sa katotoohanan. Isang gawa-gawang kwento, panakip sa mga tanong na singhaba ng prusisyon.

Sa sagot na 'yon, karaniwan, tahimik sila. Iiwas ng tingin, magpapanggap na may ibang tinitingnan o hindi ako narinig. May iilan namang sinusuklian nalang ako ng mga tipid na ngiting alam mong may halong awa, mga ngiting hindi mo alam kung saglit lang ba o sadyang 'yon nalang ang naging tugon sa pagkabigla nila. Umaalis nalang ako o iniiba ang usapan bilang tugon, 'yon kasi talaga ang panapos ko ng usapan sa ganitong konteksto.

Mas madali kasing sabihin na hindi ako pinanagutan. Mas tanggap ng mundo ang gano'ng kuwento, mas normal pakinggan at wala nang iba pang tanong kaysa sa totoo kong sitwasyon. Dahil ang totoo, hindi ako iniwan ng isang ama, biniyayaan ako ng dalawang ina — si mommy at si daddy.

Ang nakalagay sa papel ay ang tinatawag kong Mommy, siya lang ang kinikilala kong magulang sa mata ng batas. Samantalang ang pangalan naman ni Daddy ay lumilitaw lamang sa mga wayber kong pinapipirmahan. Pirma sa may bandang ibaba ng papel na palaging "guardian" lang ang naka-akda.

Siya ang nagtimpla ng gatas ko noong sanggol pa ako. Siya ang gumigising at umiintindi sa topak ko nung bata, dahil ayoko pang gumising ng alas singko ng umaga para pumasok. Siya ang bumibili ng mga gamit ko sa school kahit gabi na, matapos niya akong pagalitan kasi hating

gabi ko na nabanggit, at kinabukasan ng umaga na ito kailangan. Siya ang tagapagtanggol ko sa mga nambubully sa ’kin, ang sumusugod sa school tuwing uuwi akong luhaan.

Siya ang nagpunan sa maraming beses na wala si mommy, na halos buong buhay ko’y nakaliban dahil sa trabaho. Wala man siyang apelyido sa pangalan ko, pero nandoon siya sa bawat sulok ng pagkatao ko.

**Bakit wala kang tatay?**

Bata palang ako, alam ko nang hindi tulad sa nakasanayan ang pamilyang mayroon ako, hindi pasok sa stereotype. Tomboy si Daddy, kung tawagin ng iilan. Isa siyang *butch*—bihis at pormang lalaki, pati kung kumilos, lalaki. Sa una mong tingin iisipin mong lalaking-lalaki. Pero sa paningin ng iba, isa siyang tanong.

Siya ang ***una kong ina*** dahil siya ang nagpalaki sa akin, at nagturo kung ano at paano maging babaeng tulad ko ngayon—kahit na titulong akma sa isang lalaki ang tawag ko sa kanya. Siya na rin kasi ang tumayong ama ko, kahit hindi siya tinanggap bilang gano’n sa mata ng marami. Samantalang si Mommy naman, babae sa papeles at sa dugo. Sa kanilang relasyon, isa siyang femme, sa kanya ang karaniwang role ng isang babae. Para silang dalawang piraso ng jigsaw puzzle na hindi mo akalain na magka-angkop, pero nakabuo ng litrato ng masayang pamilya, kahit mali sa mata ng iba.

Wala namang problema sa akin 'yon, noon pa man, habang nagkakamuwang pa lamang ay pinaintindi na nila sa akin na hindi kami gaya ng ibang pamilya, na hindi tunay na lalaki at hindi ko *rin* kadugo si Daddy.

Naalala ko noon, kumukuha kami sa munisipyo ng kopya ng sertipiko ng kapanganakan ko. Ang sungit pa nung babaeng nag-aasikaso sa amin, kasi hindi niya rin maintindihan 'yong mga tanong ko sa sobrang hina ng boses ko; mahiyain kasi akong bata. Inisip ko na lang noon, baka kasi pagod na rin siya. Kasama ko noon si Daddy kasi hindi ko pa kayang mag-asikaso ng mga papeles dahil menor pa lang ako. Napansin niya na blangko ang tatay ko sa *birth certificate* ko, nagtanong siya bakit. Inunahan ko na si Daddy noon, "Wala po kasi akong tatay."

Nakita kong napatingin siya kay Daddy, 'yong kunot niyang noo'y unti-unting lumuwag. Para bang sinukat niya sa mga mata niya ang katahimikan sa pagitan namin. May salitang gustong kumawala sa bibig ni Daddy pero inunahan ko ulit siya, "Adopted po kasi ako."

Ampon lang ako. Walang dugong dumadaloy sa ’kin na galing sa kanila. Hindi naman siguro nakakagulat, diba? Paano nga ba magkakaanak ang dalawang babae? Sa mga mata ng mundo, imposible ‘yon. Sa papeles, malinaw ‘yon.

Simula noon, parang naging malambot ang kilos niya sa akin. Sinabihan niya pa ako na ang talino ko raw at bata pa lang naiintindihan ko na 'yong gano’ng sitwasyon. Wala lang naman sa akin 'yon kasi nga bata pa lang, alam ko na lahat, hanggang sa nabasa ko na parang naawa siya sa akin. Makatapos ang bayaran at ilang lagda, sinabi sa amin na lunch break muna nila. Nakaupo lang kami ni daddy doon, inaantay matapos at maibigay ang dokumentong ipinunta namin. Wala pang ilang minuto ay bumalik ang staff na kausap namin kanina. Inabutan niya ako ng pandesal na may palamang pansit. Umiiling ako, “ayoko po.”

Pero binuksan niya ang palad ko at pilit ibinigay ang tinapay. Umalis muna siya sa opisina, at naiwan kaming dalawa ni Daddy doon. Tiningnan ko siya na may tandang pananong sa mukha ko. Tumawa lang siya at sinabing, "Naawa siguro sa 'yo."

Napahinto ako, nakatulala. Habang inaantay namin siyang bumalik. Hindi ko alam kung dapat ba akong matuwa sa kabaitan o mapaisip sa sinabi ni Daddy.

Bakit siya naawa? Hindi ba ito normal? Kaawa-awa ba talaga ang sitwasyon ko? Nakakahiya ba ito? Nakakahiya ba ako?

**Paano ka ginawa?**

Sa paaralan nagsisimula ang lahat ng kaalaman. Dito unang inukit ang pundasyon ng aking kaalaman, kung saan ako natuto, at dito rin ako nagkaroon ng kamalayan sa hiya.

Simula pa lamang ay ipinasok na nila ako sa isang pribato, at Katolikong paaralan—bagay na hindi naranasan ng mga tumayo kong mga magulang. Pangarap kasi ni Mommy 'yon, kaso hindi niya naranasan sa hirap ng buhay nila, gano'n din si Daddy. At dahil pinalaki nila akong pala-simba at pala-dasal, bagay na bagay raw ako ro'n.

Ilang taon din akong nag-aral doon. Tahimik lang ako. Masunurin. Walang reklamo. Isang tanong, isang sagot. Ang mga nakasanayan ko na nagtatanong ay matatanda, mga taga-munisipyo, registrar, at kung sino man ang nag-aasikaso ng papeles. Naiintindihan nila ang paliwanag ko, at naiintindihan ko rin bakit sila nagtatanong. Walang bigat. Walang hiya. Pero iba pala kapag hindi na papel ang humihingi ng paliwanag.

Gaya ng gawi, hinatid ako ni daddy. Matapos ibaba ang bag ko, humalik ako sa pisngi niya at nagpaalam, "Babye, daddy."

Nakatanaw lang ako sa mga kaklaseng naglalaro. Gusto kong sumali, pero pakiramdam ko hindi ako kabilang. Nakikitawa lang ako nang palihim tuwing may biruan, pero madalas,

pinapanood ko lang sila. Akala ko normal na umaga lang, hanggang sa kinuhit ako ng kaklase ko at nagtanong. Ibang tanong ang nanggaling sa mga bibig niya, para bang hindi ko masagot.

"Hindi ba sabi mo wala kang tatay? Sino 'yong tinatawag mong daddy kanina? Tyaka diba babae 'yon?"

Nagpanting ang tenga ko. Napahinto ako. Hindi ko alam ang isasagot. Parang lumamig ang hangin. Bigla akong nahiya, para bang lahat ay nakatingin sa'min at nakikinig, nag-aabang kung anong salita ang lalabas sa aking bibig. Namutla ako. Gusto kong magsalita pero para akong natusok ng tinik sa lalamunan—hindi makalunok, walang salitang kayang lumabas sa bara. Wala akong naisagot. Para bang unti-unti akong lumiit, habang lumalaki ang tanong sa paligid ko.

"E pa'no ka ginawa?"

Doon ako unang nahiya. Hindi sa kanila, kundi sa sarili ko. Sa Mommy ko. Sa Daddy ko. Sa kung sino ako. Pakiramdam ko, may mali sa mundong ginagalawan ko, at ako ang may sala. Ako ang resulta ng isang bagay na hindi nila matanggap. Ako ang kwento na hindi nila gustong marinig.

Mula noon, naging mas tahimik ako. Nabully ako, tomboy raw si daddy. Doon ko napagtantong kaya pala parang nagbubulungan o tumatawa sila tuwing nandyan ang daddy ko. Doon ako nagka-wisyo. Doon ko napagtagpi-tagpi ang lahat, nahiya ako. At sa gitna ng pagkalito, tila ako pa ang humusga sa sarili kong kapalaran, na para bang kailangan kong humingi ng tawad sa isang realidad na hindi ko pinili.

Dumating ang panahon na sinabihan ko si Daddy na huwag nang dumalo sa mga okasyon, na okay lang ako na walang kasama kahit ako lang ang batang walang bitbit na magulang. Na tuwing patapos na ang school event, matitigilan kaming maglaro ng kaklase ko kasi pupulbusan siya ng nanay niya, pupunasan ng pawis, habang ako mukhang basang sisiw kasi sabi ko kay Daddy na kaya ko naman nang mag-isa. Pero ang totoo, hindi ko pala kaya. Ang hirap pala kapag tinanggihan mo ang pagmamahal para lang matanggap ng iba.

## Kasalanan

Kung nag-aaral ka sa isang Katolikong institusyon, hindi mawawala ang paksang relihiyon. Isa ito sa nakakaantok na klase. Tahimik, hindi dahil seryoso ang mga estudyante, kundi dahil kalahati sa amin ay inaantok. Natapat kasi ito sa oras ng siesta. Pero kahit anong antok, hindi ako nakatulog sa araw na ‘yon.

“Ang lalaki para sa babae. Si Adan ay nilikha para kay Eba. At ang pagmamahalan ng kapwa ay laban sa kagustuhan ng Diyos.”

Humikab ako. Alam ko na ‘yan, paulit ulit na turo. Gano’n naman palagi ang pilit nilang ipinapaintindi sa ’min, isang kasalanan ang umibig sa kaparehong kasarian. Naramdaman ng guro namin ang matamlay na kapaligiran kaya humirit ito ng biro.

“Kapag babae sa babae, palakpakan. Kapag lalaki sa lalaki, espadahan.”

Napuno ang apat na sulok ng silid ng tawanan. Tumingin lang ako sa daliri ko habang tinutuklap ang balat nito. Narinig kong huminga nang malalim ang kaibigan ko sa kanan ko kaya tiningnan ko siya. Lahat sila tumawa, ako at siya lang pala ang hindi. Nagkatinginan kami, wala

kaming nabanggit pero alam kong intindi na namin ang nasa isip ng isa't isa. Parang buong paligid talaga ay tutol sa gano'ng klase ng pagmamahalan.

Gusto kong magtaas ng kamay noon, gusto kong magsalita. Gusto kong basagin ang ingay nila, insulto 'yon saakin. Pakiramdam kong sarado talaga sila kahit sa pagsusumikap ng Daddy kong bumawi sa mundong hindi siya kilala. Pero sa dami ng katawang tumatawa, parang hindi nila ako maririnig. Hindi ko mahanap ang sarili kong lakas, kasi ang lakas na meron ako, ginamit ko buong buhay ko para pagtakpan siya. Para itago siya. Para pilitin ang sarili kong maniwala na okay lang kahit hindi ko siya mabanggit, na parang wala lang siya sa buhay ko.

Tuwing Father's day, hindi ko siya binabati. Hindi ko siya pinopost sa Facebook. Hindi ko siya maipagmalaki, hindi ko siya kayang iharap sa mundo. Kapag Mother's Day, kay mommy lang ako bumabawi. Mas ligtas, mas tanggap ng lahat. Siguro nga tumatak sa akin 'yong mga sinasabi nila, kahit sabihin kong hindi ako sang-ayon doon.

Naging gano'n ako, hindi dahil hindi ko mahal si Daddy. Mahal ko siya pero natutunan kong ikahiya ang pagmamahal ko dahil sa ingay ng mundo. Akala ko ako ang apektado, pero ang totoo, si Daddy pala.

Si Daddy 'yong piniling hindi na magpakita sa mga okasyon. Siya 'yong tahimik lang na naghahatid at nagmamadaling umalis. Siya nalang 'yong nagpprisintang iba ang magsabit ng medalya sa 'kin tuwing araw ng pagkakakilala kasi "nahihiya" raw siya. Hindi ko alam kung naramdaman niya, o baka alam niya pero piniling tiisin. Dahil mas mahalaga sa kanya na hindi ako mapahiya, kaysa sa mapasama siya.

At doon ko naintindihan, na hindi lang mga tulad naming anak ang pinapatay ng katahimikan, pati ang mga magulang na tulad niya, na araw-araw lumalaban para lang maipakitang may pagmamahal sa labas ng "normal."

## II. Mommy

Si Mommy, bilang isang probinsiyanang lumaki sa konserbatibo at Katolikong pamilya, hindi kailanman sumang-ayon sa kanya ang mga magulang niya. Ayaw nila kay Daddy. Hindi nila matanggap ang relasyon nila, at dahil doon, madalas na napapagitna si Daddy sa mga pagtatalo, hindi lang sa pagitan nila ng pamilya ni Mommy, kundi maging sa mismong pagitan nilang dalawa.

Hindi sila pasok sa nakagisnang imahe ng isang pamilya. Sa halip na si Daddy ang tagatustos, si Mommy ang nagtatrabaho sa malayo. Si Mommy ang naging haligi ng tahanan, kahit ang kanyang papel ay isang ina. Maari ngang sa mata ng nakararami, si Mommy ang ama sa usapin ng kabuhayan. Ngunit sa puso ko, siya pa rin ang ***pangalawa kong ina***. Hindi siya naiiba kay Daddy. Magkaiba man sila ng anyo at paraan ng pagpapakita ng pagmamahal, pareho ang bigat ng pagkakaukit nila sa pagkatao ko. Pareho ko silang mahal. Hindi masusukat, hindi matitimbang.

Ngunit sa kabila ng lahat ng iyon, madalas akong mangulila kay Mommy. Kung sila ay hindi pasok sa stereotype na magulang, kabaliktaran naman ako bilang anak, ako ang tipikal na batang babae. Kikay, mahilig sa kulay rosas, at palaging gustong nakabihis ng palda o saya. Masaya ako kapag may kolorete ang pisngi ko, kapag may kulay ang labi ko. Na para bang sa bawat ayos ng buhok at pulbos sa mukha, nadarama kong maganda ako.

Kaya tuwing may programa sa paaralan, hinahanap ko ang presensya ng ina. Gusto kong maramdaman ‘yong may mag-aayos ng buhok ko, magpapalit ng kwintas ko kung nabaligtad, at mag-aayos ang nagulong na lipstick sa labi ko dahil sa likot ko.

Buong buhay ko kasi, halos nakakausap ko lang si Mommy sa screen. Nagtatyaga kaming pamilya sa video chat na minsang nagla-lag, mga halakhak na bitin, at mga haplos na hindi kailanman dumampi.

Gusto ko sanang maranasan ang simpleng lambing ng isang ina, ‘yong tipong ramdam mong may nag-aalaga, may nag-aayos, at may yayakap sa’yo pag-uwi sa bahay. Dahil wala siya roon, ang lungkot kong iyon ay naging parang kumot na manipis, nakalapat pero hindi sapat, may presensya pero kulang ang init.

Sa tuwing tinatanong ako naasan ang mommy ko noong baby pa ako, tumuturo ako sa itaas. "Nasa eroplano," sabi ko. "Papuntang abroad," pagtatama nila sa akin. Kaya siguro bata pa lang ako, natuto na akong umasa sa langit para sa presensiya ng isang ina.

Trabaho ang naging buhay ni Mommy. Pinagsisilbihan ang pamilya ng iba para lamang magkaroon kami ng pagkain sa araw araw, maayos na tirahan, at damit para hindi kami ginawin. Minsan pa nga, aircon ang piniprisinta niyang bilhin namin ni Daddy, isang bagay na hindi niya man lang nagagamit dahil okay lang sa kanyang pawisan siya basta maginhawa ang tulog namin sa gabi.

Pero dahil siya ang kumikita, sa kanya rin umiikot ang pera. At sa mata ng ilan, kasama na si Daddy, ‘yon ang naging dahilan ng hindi pantay na balanse sa relasyon nila. Isang tahimik na sugat ‘yon sa pagkatao ni Daddy, na hindi niya mailabas nang diretso, kaya’t naging

kanlungan niya ang alak. Nagalit ako sa kanya at sa mga kabarkada niyang araw-araw siyang inaaya. Nainis ako kasi sa alak umikot ang kalahating padala ng mommy ko na para sa amin. Na iba ang nabubusog sa pinagpawisan ng mommy ko. Sa bisyo niya, naglaho ang lupang pangkapital sana sa kolehiyo ko.

Pero kalaunan, unti-unti kong napagtugma ang mga dahilan kung bakit siya naging ganoon. Doon ko lang naintindihan ang bigat na kinikimkim niya, kung bakit gabi-gabi'y may alak sa kanyang mga kamay, at galit sa kanyang katahimikan. May mga sugat siya sa pagkadapa na hindi niya kayang aminin, kaya't pinipili na lang niyang maglasing kaysa umamin na masakit.

Dati rin siyang OFW, may sariling pangarap at direksiyon. Pero nawalan siya ng trabaho. Mula roon, parang tinanggalan siya ng mundo ng papel, ng pagkatao, ng saysay. At dahil hindi siya tinatanggap ng lipunan bilang ama, lalo siyang nawala sa sarili. Sa loob ng bahay, siya ang haligi; pero sa mata ng iba, isa lang siyang tanong. Kaya siguro, mas pinili niyang maging tahimik. Uminom. Magkubli sa dilim. Nakagawian niya na iyon kaya sa tuwing may naghahanap sa kanya, bago ko pa lang bubuksan ang bibig ko para sagutin, inuunahan na rin ako ng mga nagtanong na, "Ano, nag-iinom na naman?”

## III. Nanay

Sa kasalukuyan, may trabaho na si Daddy. Ibang iba siya ngayon mula sa dati. Pero noon, lagi siyang nasa inuman, habang ako ay naiiwang mag-isa sa bahay. Ayoko na rin namang sumama sa kanya dahil hindi ko gusto ang usapang pangmatanda doon, bukod doon, hindi ako komportable sa mga lalaki niyang kainuman kaya mag-isa lang ako sa bahay. Kaya natutunan kong umiwas, manahimik, at manatili sa loob ng bahay.

Tuloy, madalas akong maiwan noon sa piling ni Nanay, ang ***ikatlo kong ina.*** Si Nanay ay kapatid ni Daddy. Tiyahin sa dugo, Nanay sa tawag. Kapag absent si Daddy, siya 'yong nariyan. Kapag wala siya, si nanay ang nariyan nag-aalaga sa akin. Siya ang kasama ko tuwing natatakot ako sa gabi, siya ang ginhawa sa gitna ng ingay at sigaw sa tuwing sinusumpong si Daddy ng pagkalasing niya. Madalas kasi siyang nagwawala tuwing napapasobra ang inom. Nagbabasag siya ng pinggan, baso, at kung ano pang makita niya. Ilang beses na rin niyang pinagtangkaaang sirain ang mga gadgets ko, isa nang naging patunay ng banta niya ay ang basagin ang dalawang buwan kong cellphone.

Ngunit sa likod ng lahat ng ‘yon, hindi ko magawang magtanim ng galit sa daddy ko dahil paulit ulit pinapaalala sakin ni nanay na, “Huwag kang matakot, bunso, kasi mahal ka no’n.” Sa presensya niya, nararamdaman kong ligtas ako. Kaya “Nanay” ang tawag ko sa kanya, hindi dahil iniutos, kundi dahil kusa niya akong itinuring na anak.

Isinasama niya ako kahit saan, sa komisyon niya ng paglalaba, sa pagbibingo, sa tong-its, kahit wala akong naiintindihan. Kasi wala naman akong ibang mapuntahan, at siya lang ang palaging may bukas na palad para sa akin. Sobrang close namin ni Nanay—naalala ko pa ‘yong tatlong pisong palamig na buko na binibili ko. Hihigop lang ako nang kaunti, at iaabot ko na sa kanya ang tira, lagpas kalahati pa ng baso. Pagsusukli ng kabutihan na ginaya ko rin naman sa kanya tuwing ipagtitira niya ako ng kape sa hapon. Alam niyang paborito ko ang timpla niyang nalamigan na, noong bata pa ako.

Si Nanay din ang nagpapaalala sa akin na maganda ako, kahit hindi ako pasok sa pamantayan ng iba, madalas kasi akong tawaging "negra" o ikumpara sa mga pinsan kong mapuputi. Kasi sa mata ng lahat, palaging mestiza 'yong maganda, samantalang ako, kesyo

exotic daw na pang-AFAM. Lagi niyang pinapaalala sa akin na kahit maitim daw ako, sabihin ko sa kanila na maganda naman daw ako. Pero tuwing inaasar na ako na ang itim-itim ko raw, nginingitian ko lang sila. Gusto kong ipagtanggol 'yong sarili ko, pero sapat na 'yong mga salita ni Nanay para maniwala akong totoo ‘yon.

## I. Mama

### Kaibigan

Kwento ito ni Ate Gladys, pamangkin ni Mommy, pero para sa akin, isa siya sa mga unang naging tagapamagitan ng mga sikreto ng buhay ko. Mas matanda siya sa akin ng ilang taon — magpinsan kami sa papel, pero sa bawat pagkikita namin, ramdam kong mas matagal na niyang hawak ang mga piraso ng pagkatao kong ako pa lang ang unti-unting bumubuo.

Madaldal siya. Ako rin naman. Pero kapag siya na ang nagsimulang magkuwento, para akong batang nakaupo sa gilid ng entablado, tahimik na nakikinig, takot na maistorbo ang eksena. May bigat ang kanyang boses, at sa bawat salitang binibitawan niya, tila may ingay na kinakaladkad mula sa tahimik na nakaraan.

“May matalik akong kaibigan noon,” panimula niya, habang maingat na pinapaikot ang tasa ng kape. “Maganda siya. Matalino. Tipong hinahangaan ng buong batch. Valedictorian sana, kung hindi lang... nawala.”

*Nawala.* Isang salitang biglaang naging pangungusap. Isang salita lang, pero para bang pinunit nito ang hangin.

"Walang nakaalam kung saan siya napunta," dagdag niya. "Maging pamilya niya, naguluhan. Walang sulat, walang tawag, walang bakas."

Habang patuloy siya sa pagkukwento, parang may bumibigat sa dibdib ko. Hindi ko maipaliwanag kung bakit, pero may pakiramdam akong hindi ako simpleng tagapakinig lang. Parang kwento itong hindi lang basta ikinukuwento sa akin—kundi para sa akin.

"Hindi malaman ng buong klase namin no'n kung may sakit ba siya. Hindi naman siya tahimik, pero hindi rin siya ganun kasigla. Basta palaging nakajacket, kahit ang init-init."

Walang nakapansin, walang nagtangkang magtanong. Pero gaya ng sabi ng matatanda, walang lihim na hindi binubunyag.

Hanggang isang araw, umamin daw ang kaibigan niya. "Gusto ko siyang ipalaglag, Gladys."

Walang luha. Walang pangingimi. Parang desisyong matagal nang nilamon, at ngayon ay tahimik na lamang na ibinubuga.

"Sigurado ka ba?" tugon ni Ate Gladys.

Hindi siya sumagot. Huminga lang nang malalim, at bumuntong-hininga.

"Sino?" tanong niya. "Sino'ng ama?"

"Pamilyado na" aniya.

Isang kasalanan. Isang kwentong hindi puwedeng ikuwento. Nabuo raw ang bata sa relasyong hindi tinanggap. Ni ng lipunan, ng pamilya, ni ng panahon.

“‘Wag mong ituloy,” sabi ni Ate Gladys. “Buhay ’yan. Kung ayaw mo, may kakilala akong gustong-gusto magkaanak. Pwede mong ipaampon.”

Tumango lang daw siya. At ilang linggo matapos ang pag-amin na ’yon, sinundo siya mula Baguio. Biniyahe patungong Laguna, sa bahay ng isang taong ang tanging koneksyon lang nila ay isang lihim na hindi kayang isigaw. Doon siya nanirahan, sa piling ng mga taong hindi niya kilala, pero handang akuin ang bigat ng kanyang dinadala at pinagdadala.

At dumating ang araw ng panganganak.

Cesarean section.

Isang batang isinilang sa katahimikan. Isang buhay na bunga ng lahat ng hindi nasabi.

Wala pa raw tatlong araw matapos ang operasyon, umalis siya. Hindi nag-iwan ng kahit ano. Walang sulat, walang litrato, walang pangalan—ayon kay Ate Gladys.

Ang iniwan lang niya ay ang tanging alaala ng anak na isinilang niya. Isang tagpo, isang saglit, isang dulo na muntik nang maging simula. Ito’y ang tagpong saglit niyang hinawakan ang maliit na kamay ng sanggol bago ito isuko. Siya ang nanganak, pero ibang babae ang ipinangalan sa papel.

“Nakita ko,” sabi ni Ate Gladys. “Nilaro-laro muna niya ang kamay ng baby. Tahimik lang siya, tinititigan ito. Tapos... iniabot niya.”

Walang sinabi. Walang pamamaalam.

Pero sa pagitan ng paghawak at pagbitaw, may naiwan.

Hindi gamit, hindi pangalan. Kundi bakas.

Isang tagpong sing-iglap ng buntong-hininga, ang simula at ang wakas ng ugnayan nilang hindi man lang nabuo. Doon ko napagtanto kung bakit parang palaging may bahagi sa akin na nawawala, pero hindi ko alam kung saan hahanapin. Ngayon, unti-unti na siyang lumilinaw.

Ang babaeng iyon ang dahilan kung bakit may mga gabi akong hindi alam kung kanino ko talaga nakuha ang anyo ko. Kung bakit sa dami ng halik ni Mommy at haplos ni Daddy, may bahagi pa rin akong parang hinihintay ang isang bagay na hindi ko maipaliwanag.

At doon ko napagtantong ako pala ang sanggol na iyon.

Ako ang sanggol na sandaling hinawakan bago isinuko.

Ako ang buhay na dinala niya nang palihim, at binitawan nang buong ingat.

Ako ang naging wakas sa kanyang simula.

At sa tagpong iyon, sa gitna ng katahimikan, bago siya tuluyang lumisan, doon nagsimula ang kwento ko.

## Liham

Isang beses, habang nagmimeryenda kami ni Daddy sa bahay, galing siya sa taas at bumaba mula sa hagdan, may hawak na papel, kulay krema na halatang matagal nang itinago. Sabi niya, may ipapakita raw siya sa akin, liham daw ng mama ko bago siya umalis. Pero ito ay nakasulat hindi para sa akin, kundi pagpapasalamat at habilin para kay mommy at daddy.

Ingles ito at ang lalim ng mga ginamit na salita. Halos hindi ko maintindihan kahit na maalam naman ako sa wika. Nasa pangalawang linya pa lang siya nang mahinto siya at sinabi sa akin, "Ang talino ng nanay mo, 'no?" Grade 5 ako noon, bawat pangungusap, tinatagalog ni Daddy sa akin para maintindihan ko, dahil malalalim ang mga salitang kanyang ginamit.

Sa liham na ‘yon naging malinaw ang lahat—hindi lang pala ako isang aksidente, isa akong lihim. Hindi ako parte ng plano, kundi bunga ng sandaling nakalimutan ang tama. Anak sa labas. Isang batang itinago, nabuo sa tahimik na kasalanang walang ibang nakakaalam kundi silang dalawa lamang.

Tahimik lang ako habang binabasa ni Daddy ang liham, walang emosyon. Pero nang marating niya ang huling linya, umapaw sa mga mata ko ang nilulunok kong pait.

"Thank you both, always kiss her good night and morning for me," verbatim.

Lumaki akong may galit sa kanya dahil pakiramdam ko ibinilin lang ako sa iba na parang kuting, dahil hindi niya na kaya ang bigat ng pagkakaroon ng ako. Pero nang marinig ang mga katagang iyon, para akong takure na matagal nang nag-iinit, sumirit na lang ang singaw, hindi ko na napigil. Tumungo ako at patagong pinunasan ang mga luha ko.

Hindi ko alam kung ano ang mas mabigat, ang mga salitang iyon o ang paghangad niyang halikan ako sa umaga’t gabi sa likod ng desisyon niyang hindi ako makitang lumaki. Doon ko unang naramdaman na kahit na iniwan niya ako, kasama pa rin ako sa puso niya. Hindi maaalis na ina ko siya, at anak niya ako. Kahit walang pangalan sa papel. Kahit walang yakap o haplos. Ang dugong dumadaloy sa akin, ang kwento at rason niya, at ang liham na iniwan niya kay Daddy—iyan ang tanging alaala ko tungkol sa kanya.

Masakit isipin na sa ganito napunta ang lahat. Pero unti-unti, tinanggap ko. Na may mga pangarap siyang kailangang habulin. At minsan, para marating mo ang tuktok, kailangan mong pakawalan ang mga bagay na nagpapabigat. Hindi ako sang-ayon, pero nauunawaan ko na ang mga dahilan niya sa likod ng aking bakit.

Sa tuwing tinatanong ako kung okay lang ba ako sa ganitong set-up, kung saan hindi ko manlang kilala ang totoo kong ama't ina, ngumingiti ako. Hindi dahil walang sugat, kundi dahil natuto na akong mamuhay nang buo sa gitna ng kakulangan.

Nabalitaan kong masaya na raw siya ngayon. May sarili nang pamilya, tahimik, at may maginhawang buhay. Masaya na rin ako ro'n. Masarap pakinggan na parehas kaming nasa maayos na estado. At kung tatanungin kung gusto ko bang ibalik ang panahon para maitama ang naging pagkakamali niya, ang sagot ko ay hindi. Dahil sa bawat puwang na iniwan niya, may ibang kamay na humawak. May ibang tinig na tumawag ng "anak." At kuntento ako sa kung anong meron ako.

**Kasagutan**

Madami nang tanong sa buhay ko ang nasagot ko na. Pero ngayon, may bago na akong paraan ng pagsagot sa mga ito. Ang dahilan kung *bakit wala akong panggitna* ay hindi dahil sa pagkukulang. Isa itong espasyo para sa mga taong hindi nailagay sa papel, ang pagmamahal na hindi isinulat ng tinta, kundi ng presensya.

Matagal kong hindi masagot ang tanong kung *bakit wala akong tatay.* Pilit ko itong tinatakpan sa mga kasinungalingang madaling lunukin ng iba.

Ngunit ngayon, handa na akong isigaw ang reyalidad ko, meron akong tatay, meron akong daddy. Ang Daddy kong hindi tinanggap ng lipunan bilang ama, pero tinanggap ako bilang anak. Siya ang naging gitna, ang nagpuno sa mga bahagi ng kwento kong hindi kayang buuin ng apelyido.

Minsan na rin akong na tanong kung *paano ako ginawa*, at ngayon, alam ko na ang isasagot. Hindi ako ginawa, binuo ako. Hindi man ito "buong pamilya" na ayon sa pamantayan ng lipunan, pero buo ako. Kumpleto ako ng pagmamahal mula sa mga pusong piniling itaguyod ako, kahit hindi sila pinili ng pagkakataon. Buo sa pagmamahal, sa pagkalinga, sa alaala. *Kasalanan* man ang mga magulang ko sa mata ng iba, o ng lahat—pero sa akin, anghel sila.

At sa likod ng mga tanong na itinapon sa akin, may mga tanong din akong tahimik na itinago sa sarili ko. Ngayon, unti-unti na ring nasagot, mula sa kaibigan at isang liham.

Ang kwento ng matalik na *kaibigan* ni Ate Gladys, kahit walang pangalan, ay tila sinulid na muling isinulsi sa tela ng sarili kong pinagmulan. Bawat hilab ay may kirot, pero itinuloy ko upang maubos na ang tanong sa isipan ko. Naunawaan kong kahit na isa akong bunga ng pagkakamali, may mga taong piniling gawing tahanan ang mundong muntik kong hindi abutan.

At ang *liham*, liham na hindi para sa akin, pero tila ako rin ang kinakausap. Dalawang pahinang na halos wala nang tinta, papel na akala mo'y basurang itatapon na. Isa palang paalala na kahit iniwan niya ako, hindi niya ako lubos na tinalikuran.

At sa mundong puno ng tanong kung sino ang tunay mong magulang, ako ang anak na may apat na sagot.

*Ang apat kong ina.*